# Paano Bumoto

Kayo ay may dalawang mapipili kapag boboto. Maaari kayo bumoto nang personal sa isang lugar ng botohan sa inyong county o maaari kayong bumoto sa pamamagitan ng koreo.

Hindi ninyo kailangang bumoto sa bawat labanan sa inyong balota. Ang inyong boto ay ibibilang para sa bawat labanan na binotohan ninyo.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa inyong mga karapatan sa pagboto, tingnan ang pahina 47 ng patnubay na ito.

## Pagboto sa Lugar ng Botohan sa Araw ng Halalan

Ang mga botohan ay bukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi sa Araw ng Halalan. Ang ilang mga county ay nag-aalay din ng maagang pagboto sa ilang mga lugar ng botohan bago ang Araw ng Halalan.

Pagdating ninyo sa inyong lugar ng botohan, kukunin ng isang manggagawa sa botohan ang inyong pangalan at titingnan ang isang opisyal na listahan ng mga nakarehistrong botante para sa lugar ng botohan na iyon. Pagkapirma ninyo sa tabi ng inyong pangalan sa listahan, ang manggagawa sa botohan ay magbibigay sa inyo ng isang papel na balota, walang-katulad na passcode, o kard ng memorya ng kompyuter, depende sa sistema ng pagboto na ginagamit ng inyong county. Pumunta sa isang pribadong kubol at simulan ang pagboto.

Ang mga manggagawa sa botohan ay naroon upang tulungan ang mga botante sa proseso ng pagboto. Kung hindi kayo pamilyar sa paraan ng pagpapatala ng balota, magtanong sa isang manggagawa sa botohan para sa mga tagubilin kung paano gamitin ang sistema ng pagboto. Kung nagkamali kayo sa pagmarka sa balota, magtanong sa isang manggagawa sa botohan para sa mga tagubilin kung paano iwasto ang isang pagkakamali sa balota. Kung kailangan ninyo, maaari kayong humingi ng bagong balota at muling magsimula.

Ang pang-estado at pederal na mga batas ay nag-aatas na ang lahat ng mga botante ay magkaroon ng kakayahan na ipatala ang kanilang mga balota nang pribado at independiyente. Ang ilang mga sistema ng pagboto ay talagang idinisenyo upang tulungan ang mga botanteng may kapansanan. Ang bawat lugar ng botohan ay inaatasan na magkaroon ng kahit isang makina sa pagboto na nagpapahintulot sa mga botante, kabilang ang mga bulag o may kapansanan sa paningin, na magpatala ng balota nang walang tulong. Ang makina sa pagboto ay dapat ding magpahintulot sa inyo na maberipika ang inyong mga piniling iboto at, kung may pagkakamali, pahintulutan kayo na itama ang mga piniling ito.

## Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo

Kung kayo ay hindi permanenteng botante ng pagboto sa pamamagitan ng koreo (dating kilala bilang botanteng nagpapadala lamang), maaari pa rin kayong pumiling bumoto sa pamamagitan ng koreo sa halalang ito. Ang librito ng halimbawang balota ng inyong county ay nagtataglay ng aplikasyon para sa balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo. Ang huling araw upang humiling ng balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo mula sa opisina sa mga halalan ng inyong county ay Ika-27 ng Mayo.

Pagkatapos ninyong markahan ang inyong mga pinili sa inyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo, ipasok ito sa opisyal na sobre na ibinigay ng opisina sa mga halalan ng inyong county at sarhan ito. Pirmahan ang labas ng sobre kung saan itinagubilin. Maaari ninyong ibalik ang inyong binotohang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa pamamagitan ng:

- Pagpapakoreo nito sa opisina sa mga halalan ng inyong county;
- Pagbabalik nito nang personal sa alinmang lugar ng botohan o opisina sa mga halalan sa loob ng inyong county sa Araw ng Halalan; o
- Pagbibigay ng awtorisasyon sa isang legal na pinahihintulutang ikatlong partido (asawa, anak, magulang, lolo o lola, apo, kapatid, o isang taong naninirahan sa bahay kung saan nakatira rin kayo) upang ibalik ang balota para sa inyo sa alinmang lugar ng botohan o opisina sa mga halalan sa loob ng inyong county sa Araw ng Halalan.

**Ang mga balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo ay dapat matanggap ng mga opisina sa mga halalan ng county bago sumapit ang ika-8 ng gabi sa Araw ng Halalan, kaya tiyakin na ipakoreo ang inyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo maraming araw bago sumapit ang Araw ng Halalan.**

Kahit na natanggap ninyo ang inyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo, maaaring magbago ang inyong isip at bumoto sa inyong lugar ng botohan sa Araw ng Halalan. Dalhin ang inyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa lugar ng botohan at ibigay ito sa isang manggagawa sa botohan upang palitan ng balota ng pagboto sa lugar ng botohan. Kung hindi ninyo dala ang inyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo, pahihintulutan kayong bumoto sa pamamagitan ng isang pansamantalang balota.

# Mga Halalan sa California

Ang Batas sa Bukas na Primarya ng Nangungunang Dalawang Kandidato ay nag-aatas na ang lahat ng kandidato para sa isang iminumungkahi-ng-botante na katungkulan ay ilista sa iisang balota. Dating kilala bilang mga partidistang katungkulan, ang mga iminumungkahi-ng-botante na katungkulan ay mga pambatasang katungkulan ng estado, mga katungkulang pangkongreso ng U.S., at mga katungkulan ayon sa saligang-batas ng estado.

Sa pareho ng bukas na primarya at pangkalahatang halalan, makakaboto kayo para sa sinumang kandidato anuman ang kinakatigang partido na ipinabatid ninyo sa inyong porma ng pagpaparehistro ng botante. Sa primaryang halalan, ang dalawang kandidatong nakatanggap ng pinakamaraming boto—anuman ang kinakatigang partido—ay susulong sa pangkalahatang halalan. Kung ang kandidato ay nakatanggap ng mayoriya ng boto (50 porsiyento + 1), ang isang pangkalahatang halalan ay dapat pa ring ganapin.

Ang bukas na sistema ng primarya ng California ay hindi umaaplay sa mga kandidatong kumakandidato para Presidente ng U.S., sa komite sentral ng county, o mga lokal na opisina.

Ang batas ng California ay nag-aatas na ang mga sumusunod na impormasyon ay ilimbag sa patnubay na ito.

## Mga Iminumungkahi-ng-Botante na Katungkulan

Ang mga partidong pampulitika ay hindi karapat-dapat na pormal na magmungkahi ng mga kandidato para sa mga iminumungkahi-ng-botante na katungkulan sa primaryang halalan. Ang isang kandidatong iminungkahi para sa isang iminumungkahi-ng-botante na katungkulan sa primaryang halalan ay ang iminungkahi ng mga tao at hindi ang opisyal na iminungkahi ng alinmang partido sa pangkalahatang halalan. Ang isang kandidato para sa pagmungkahi sa isang iminumungkahi-ng-botante na katungkulan ay dapat maghayag ng kanyang kinakatigang partido, o kawalan ng kinakatigang partido, sa balota, pero ang pagtatalaga ng kinakatigang partido ay pinipili ng kandidato lamang at ipinakikita para sa impormasyon ng mga botante lamang. Ito ay hindi nangangahulugan na ang kandidato ay iminungkahi o inendorso ng itinalagang partido, o may pagkakaugnay sa pagitan ng partido at kandidato, at walang kandidatong iminungkahi ng mga botante na dapat ituring na opisyal na iminungkahing kandidato ng alinmang partidong pampulitika. Sa librito ng halimbawang balota ng county, ang mga partido ay maaaring maglista ng mga kandidato para sa mga iminumungkahi-ng-botante na katungkulan na tumanggap ng opisyal na pagrekomenda ng partido.

Sinumang botante ay maaaring bumoto para sa sinumang kandidato para sa isang iminumungkahi-ng-botante na katungkulan, kung sila ay nakakatugon sa ibang mga kuwalipikasyon na iniaatas upang makaboto para sa katungkulang iyon. Ang dalawang nakakuha ng pinakaraming boto sa primaryang halalan ay susulong sa pangkalahatang halalan para sa iminumungkahi-ng-botante na katungkulan kahit na ang parehong kandidato ay tumukoy ng pagtatalaga sa iisang kinakatigang partido. Walang partido na karapat-dapat magsulong ng isang kandidato na may itinalagang kinakatigang partido sa pangkalahatang halalan, maliban kung ang kandidato ay isa sa dalawang pinakamarami ang mga nakuhang boto sa primaryang halalan.

## Mga Di-partidistang Katungkulan

Ang mga partidong pampulitika ay hindi karapat-dapat na magmungkahi ng mga kandidato para sa mga di-partidistang katungkulan sa primaryang halalan, at ang isang kandidato sa primaryang halalan ay hindi ang opisyal na iminungkahi ng alinmang partido para sa partikular na katungkulan sa pangkalahatang halalan. Ang isang kandidato para sa pagmungkahi sa isang di-partidistang katungkulan ay hindi maaaring magtalaga ng kanyang kinakatigang partido, o kawalan ng kinakatigang partido, sa balota. Ang dalawang nakakuha ng pinakamaraming boto sa primaryang halalan ay susulong sa pangkalahatang halalan para sa di-partidistang katungkulan.

# Hanapin ang Inyong Lugar ng Botohan

Ang mga lugar ng botohan ay itinatatag ng mga opisyal sa mga halalan ng county.

Kapag natanggap ninyo ang inyong librito ng halimbawang balota ng county sa koreo ilang mga linggo bago ang Araw ng Halalan, hanapin ang inyong lugar ng botohan sa panlikod na pabalat ng librito.

Maraming opisina sa mga halalan ng county na nag-aalay ng tulong sa paghahanap ng lugar ng botohan sa pamamagitan ng mga website o walang-bayad na mga numero ng telepono. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang website ng Kalihim ng Estado sa *www.sos.ca.gov/elections/find-polling-place.htm* o tawagan ang walang-bayad na Nakahandang Linya ng Botante sa (800) 339-2957.

Sa Araw ng Halalan, ang mga botohan ay mananatiling bukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi. Kung nakapila kayo sa inyong lugar ng botohan bago sumapit ang ika-8 ng gabi, makakaboto kayo.

Kung ang inyong pangalan ay wala sa listahan ng botante sa inyong lugar ng botohan, may karapatan kayong botohan ang isang pansamantalang balota sa alinmang lugar ng botohan sa county kung saan kayo ay nakarehistro para makaboto.

Kung lumipat kayo sa inyong bagong tirahan pagkaraan ng Ika-19 ng Mayo, 2014, maaari kayong bumoto sa inyong dating lugar ng botohan.

# Pang-estado at Pederal na mga Iniaatas sa Pagkakakilanlan ng Botante

Sa karamihan ng mga kaso, ang mga botante ng California ay hindi inaatasan na magpakita ng pagkakakilanlan bago magpatala ng mga balota. Kung kayo ay boboto sa unang pagkakataon pagkatapos magparehistro sa pamamagitan ng koreo at hindi nagbigay ng inyong numero ng lisensiya sa pagmamaneho, numero ng pagkakakilanlan sa California, o ng huling apat na bilang ng inyong numero ng social security sa kard ng pagpaparehistro, maaaring hingin sa inyo na magpakita ng isang porma ng pagkakakilanlan pagpunta ninyo sa mga botohan.

Ang sumusunod ay isang di-buong listahan ng higit sa 30 tinatanggap na mga porma ng pagkakakilanlan. Magagawa rin ninyo na bisitahin ang website ng Kalihim ng Estado at hanapin ang "Mga Pamantayan sa Pagkakakilanlan ng Batas na Tulungang Bumoto ang Amerika" sa *www.sos.ca.gov/elections/elections_regs.htm.*

- Lisensiya sa pagmamaneho o inisyu-ng-estado na kard ng ID
- Pasaporte
- Kard ng Pagkakakilanlan ng Empleyado
- Kard ng kredito o debito
- ID ng Militar
- ID ng Estudyante
- ID ng klab na Pangkalusugan
- Kard ng Pagkakakilanlan ng plano sa seguro

# Pagpaparehistro ng Botante

Kayo ay responsable sa pagsasapanahon ng inyong pagpaparehistro ng botante kung papalitan ninyo ang inyong direksiyon ng tirahan, papalitan ang inyong direksiyong pangkoreo, papalitan ang inyong pangalan, o gustong magpalit o pumili ng kinakatigang partidong pampulitika.

Ang pagpaparehistro para makaboto ay mas madali ngayon sa pamamagitan ng online na porma sa *http://registertovote.ca.gov.* Ang mga porma ng pagpaparehistro ay makukuha rin sa karamihan ng mga tanggapan ng koreo, mga aklatan, mga opisina ng pamahalaan ng lunsod at county, at ng opisina ng Kalihim ng Estado ng California.

## Tulong sa mga Botanteng May Kapansanan

Ang librito ng halimbawang balota ng inyong county ay may kasama ring mga tagubilin kung paano nakakaboto nang pribado at walang katulong ang mga botanteng may kapansanan, at ito ay magpapakita ng Pandaigdig na Simbolo ng Kakayahang Magamit kung ang inyong lugar ng botohan ay madaling mapupuntahan ng mga botanteng may kapansanan.

Kung kailangan ninyo ng tulong sa pagmarka ng inyong balota, maaari kayong pumili ng hanggang dalawang tao na tutulong sa inyo na ipatala ang inyong boto sa kondisyon na alinman ay hindi inyong tagapag-empleyo, o inyong ahente ng unyon ng paggawa.

Kung ang pagboto sa gilid ng daan ay magagawa sa inyong lugar ng botohan, maaari kayong lumapit hanggang magagawa sa lugar ng botohan at ang mga opisyal sa mga halalan ay magdadala sa inyo ng isang listahan upang pirmahan, isang balota, at anumang ibang mga materyal sa pagboto na maaaring kailanganin ninyo, kayo man ay aktuwal na nasa gilid ng daan, sa isang kotse, o sa ibang lugar. Makipag-ugnayan sa opisina sa mga halalan ng inyong county upang malaman kung ang pagboto sa gilid ng daan ay magagawa sa inyong lugar ng botohan.

Ang Kalihim ng Estado ay lumilikha ng mga bersiyong audio at nasa malalaking letra ng Opisyal na Patnubay na Impormasyon para sa mga Botante upang matiyak na ang mga botante na bulag o may kapansanan sa paningin ay makakakuha ng mga impormasyon sa pambuong-estadong balota. Ang mga patnubay ay nililikha sa Ingles, Tsino, Hindi, Hapon, Khmer, Koreano, Espanyol, Tagalog, Thai, at Biyetnamis. Upang kumuha ng anumang bersiyon ng mga patnubay na ito nang walang gastos, tawagan ang walang-bayad na nakahandang linya ng Kalihim ng Estado para sa botante sa (800) 339-2957 o bisitahin ang *www.sos.ca.gov.*

Maaari ring makuha ninyo ang magagawang i-download na bersiyong audio MP3 ng Opisyal na Patnubay na Impormasyon para sa Botante sa *www.voterguide.sos.ca.gov/audio.*

## Tungkol sa mga Pangangatwiran sa Balota

Ang opisina ng Kalihim ng Estado ay hindi sumusulat ng mga pangangatwiran sa balota. Ang mga pangangatwirang panig at laban sa mga panukala sa balota ay ipinagkakaloob ng mga tagapagtaguyod at mga kalaban ng mga panukala sa balota.

---

## Espesyal na mga Pakikipag-ayos para sa mga Botante ng California na Militar at Nasa Ibang Bansa

Bilang isang botanteng militar at nasa ibang bansa, magagawa ninyong ipadala sa pamamagitan ng fax o koreo ang inyong balota sa opisina sa mga halalan ng inyong county. Kung ipapadala ninyo sa pamamagitan ng fax ang inyong binotohang balota, dapat ding isama ninyo ang isang pinirmahang porma ng Panunumpa ng Botante na tumatalikdan sa inyong karapatan na botohan ang isang kompidensiyal na balota. Lahat ng mga balota ay dapat matanggap ng opisina sa mga halalan ng county bago magsara ang mga botohan sa ika-8 ng gabi (PST) sa Araw ng Halalan. Ang mga tatak-pangkoreo ay hindi isinasaalang-alang.

Magagawa ninyong magparehistro para makaboto at kumpletuhin ang aplikasyon para sa isang espesyal na balota ng nagpapadala lamang sa *www.fvap.gov*.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagpaparehistro para makaboto bilang isang botanteng militar at nasa ibang bansa, pumunta sa *www.sos.ca.gov/elections/elections_mov.htm*.

---

## Kumita ng Pera at Gumawa ng Pagkakaiba . . .<br>Maglingkod bilang Manggagawa sa Botohan sa Araw ng Halalan!

Bilang karagdagan sa pagkaroon ng tuwirang karanasan sa mga kasangkapan ng ating demokrasya, ang mga manggagawa sa botohan ay maaaring kumita ng ekstrang pera para sa kanilang mahalagang serbisyo sa Araw ng Halalan.

Makipag-ugnayan sa opisina sa mga halalan ng inyong county, o tumawag sa (800) 339-2957, para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagiging manggagawa sa botohan.

## MGA OPISINA SA MGA HALALAN NG COUNTY

### ALAMEDA COUNTY
1225 Fallon Street, Room G-1
Oakland, CA 94612
(510) 272-6933 o (510) 272-6973
*www.acgov.org/rov*

### ALPINE COUNTY
50 Diamond Valley Road
Woodfords, CA 96120
P.O. Box 158
Markleeville, CA 96120
(530) 694-2281
*www.alpinecountyca.gov*

### AMADOR COUNTY
810 Court Street
Jackson, CA 95642
(209) 223-6465
*www.amadorgov.org*

### BUTTE COUNTY
25 County Center Drive, Suite 110
Oroville, CA 95965-3361
(530) 538-7761 o
(800) 894-7761 (Butte County lamang)
*http://buttevotes.net*

### CALAVERAS COUNTY
891 Mountain Ranch Road
San Andreas, CA 95249
(209) 754-6376
*www.elections.calaverasgov.us*

### COLUSA COUNTY
546 Jay Street, Suite 200
Colusa, CA 95932
(530) 458-0500 o (877) 458-0501
*www.countyofcolusa.org/elections*

### CONTRA COSTA COUNTY
555 Escobar Street
P.O. Box 271
Martinez, CA 94553
(925) 335-7800 o (925) 335-7874
*www.cocovote.us*

### DEL NORTE COUNTY
981 H Street, Suite 160
Crescent City, CA 95531
(707) 464-7216
*www.co.del-norte.ca.us*

### EL DORADO COUNTY
2850 Fairlane Court
P.O. Box 678001
Placerville, CA 95667
(530) 621-7480 o (800) 730-4322
*www.edcgov.us/elections*

### FRESNO COUNTY
2221 Kern Street
Fresno, CA 93721
(559) 600-VOTE (8683)
*www.co.fresno.ca.us/elections*

### GLENN COUNTY
516 W. Sycamore Street, 2nd Floor
Willows, CA 95988
(530) 934-6414
*www.countyofglenn.net/govt/departments/elections*

### HUMBOLDT COUNTY
3033 H Street, Room 20
Eureka, CA 95501
(707) 445-7481
*www.co.humboldt.ca.us/election*

### IMPERIAL COUNTY
940 W. Main Street, Suite 206
El Centro, CA 92243
(760) 482-4226 o (760) 482-4285
*www.co.imperial.ca.us/elections*

### INYO COUNTY
168 N. Edwards Street
P.O. Drawer F
Independence, CA 93526
(760) 878-0224 o (760) 878-0410
*www.inyocounty.us/Recorder/Clerk-Recorder.html*

### KERN COUNTY
1115 Truxtun Avenue, 1st Floor
Bakersfield, CA 93301
(661) 868-3590
*www.co.kern.ca.us/elections*

### KINGS COUNTY
1400 W. Lacey Boulevard
Hanford, CA 93230
(559) 852-4401
*www.countyofkings.com*

### LAKE COUNTY
255 N. Forbes Street, Room 209
Lakeport, CA 95453
(707) 263-2372
*www.co.lake.ca.us/Government/Directory/ROV.htm*

### LASSEN COUNTY
220 S. Lassen Street, Suite 5
Susanville, CA 96130
(530) 251-8217 o (530) 251-8352
*www.lassencounty.org*

### LOS ANGELES COUNTY
12400 Imperial Highway
Norwalk, CA 90650
P.O. Box 54187
Los Angeles, CA 90099-4684
(800) 815-2666
*voterinfo@rrcc.lacounty.gov*
*www.lavote.net*

### MADERA COUNTY
200 W. 4th Street
Madera, CA 93637
(559) 675-7720 o (800) 435-0509
*www.madera-county.com*

### MARIN COUNTY
3501 Civic Center Drive, Room 121
San Rafael, CA 94903
P.O. Box E
San Rafael, CA 94913-3904
(415) 473-6456
*www.marinvotes.org*

### MARIPOSA COUNTY
4982 10th Street
P.O. Box 247
Mariposa, CA 95338
(209) 966-2007
*www.mariposacounty.org*

### MENDOCINO COUNTY
501 Low Gap Road, Room 1020
Ukiah, CA 95482
(707) 234-6827
*www.co.mendocino.ca.us/acr*

### MERCED COUNTY
2222 M Street, Room 14
Merced, CA 95340
(209) 385-7541 o (800) 561-0619
*www.mercedelections.org*

### MODOC COUNTY
108 E. Modoc Street
Alturas, CA 96101
(530) 233-6205
*www.co.modoc.ca.us*

### MONO COUNTY
74 N. School Street
P.O. Box 237
Bridgeport, CA 93517
(760) 932-5537 o (760) 932-5534
*www.monocounty.ca.gov*

### MONTEREY COUNTY
1370-B S. Main Street
Salinas, CA 93901
P.O. Box 4400
Salinas, CA 93912
(831) 796-1499 o (866) 887-9274
*www.montereycountyelections.us*

### NAPA COUNTY
900 Coombs Street, Suite 256
Napa, CA 94559
(707) 253-4321 o (707) 253-4374
*www.countyofnapa.org*

### NEVADA COUNTY
950 Maidu Avenue, Suite 250
Nevada City, CA 95959
(530) 265-1298
*www.mynevadacounty.com/nc/elections*

### ORANGE COUNTY
1300 S. Grand Avenue, Building C
Santa Ana, CA 92705
P.O. Box 11298
Santa Ana, CA 92711
(714) 567-7600
*www.ocvote.com*

### PLACER COUNTY
2956 Richardson Drive
Auburn, CA 95603
(530) 886-5650 o (800) 824-8683
*www.placerelections.com*

### PLUMAS COUNTY
520 Main Street, Room 102
Quincy, CA 95971
(530) 283-6256
*www.countyofplumas.com*

### RIVERSIDE COUNTY
2724 Gateway Drive
Riverside, CA 92507
(951) 486-7200
*www.voteinfo.net*

### SACRAMENTO COUNTY
7000 65th Street, Suite A
Sacramento, CA 95823
(916) 875-6451
*www.elections.saccounty.net*

### SAN BENITO COUNTY
440 5th Street, Room 206
Hollister, CA 95023
(831) 636-4016 o (877) 777-4017
*www.sbcvote.us*

### SAN BERNARDINO COUNTY
777 E. Rialto Avenue
San Bernardino, CA 92415
(909) 387-8300
*www.sbcountyelections.com*

### SAN DIEGO COUNTY
5600 Overland Avenue
San Diego, CA 92123
(858) 565-5800 o (800) 696-0136
*www.sdvote.com*

### SAN FRANCISCO COUNTY
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place,
Room 48
San Francisco, CA 94102
(415) 554-4375
*www.sfelections.org*

### SAN JOAQUIN COUNTY
44 N. San Joaquin Street, Suite 350
Stockton, CA 95202
P.O. Box 810
Stockton, CA 95201
(209) 468-2885
*www.sjcrov.org*

### SAN LUIS OBISPO COUNTY
1055 Monterey Street, D120
San Luis Obispo, CA 93408
(805) 781-5228 o (805) 781-5080
*www.slovote.com*

### SAN MATEO COUNTY
40 Tower Road
San Mateo, CA 94402
(650) 312-5222
*www.shapethefuture.org*

### SANTA BARBARA COUNTY
4440-A Calle Real
Santa Barbara, CA 93110
P.O. Box 61510
Santa Barbara, CA 93160-1510
(800) SBC-VOTE o (805) 568-2200
*www.sbcvote.com*

### SANTA CLARA COUNTY
1555 Berger Drive
San Jose, CA 95112
P.O. Box 611360
San Jose, CA 95161
(408) 299-VOTE (8683)
*www.sccvote.org*

### SANTA CRUZ COUNTY
701 Ocean Street, Room 210
Santa Cruz, CA 95060
(831) 454-2060 o (866) 282-5900
*www.votescount.com*

### SHASTA COUNTY
1643 Market Street
Redding, CA 96001
P.O. Box 990880
Redding, CA 96099-0880
(530) 225-5730
*www.elections.co.shasta.ca.us*

### SIERRA COUNTY
100 Courthouse Square, Room 11
P.O. Drawer D
Downieville, CA 95936
(530) 289-3295
*www.sierracounty.ca.gov*

### SISKIYOU COUNTY
510 N. Main Street
Yreka, CA 96097
(530) 842-8084 o
(888) 854-2000 EXT. 8084
*www.sisqvotes.org*

### SOLANO COUNTY
675 Texas Street, Suite 2600
Fairfield, CA 94533
(707) 784-6675
*www.solanocounty.com/elections*

### SONOMA COUNTY
435 Fiscal Drive
Santa Rosa, CA 95403
P.O. Box 11485
Santa Rosa, CA 95406-1485
(707) 565-6800 o
(800) 750-VOTE (8683)
*vote.sonoma-county.org*

### STANISLAUS COUNTY
1021 I Street, Suite 101
Modesto, CA 95354
(209) 525-5200
*www.stanvote.com*

### SUTTER COUNTY
1435 Veterans Memorial Circle
Yuba City, CA 95993
(530) 822-7122
*www.suttercounty.org/elections*

### TEHAMA COUNTY
444 Oak Street, Room C
P.O. Box 250
Red Bluff, CA 96080
(530) 527-8190 o (530) 527-0454
*www.co.tehama.ca.us*

### TRINITY COUNTY
11 Court Street
P.O. Box 1215
Weaverville, CA 96093
(530) 623-1220
*www.trinitycounty.org*

### TULARE COUNTY
5951 S. Mooney Boulevard
Visalia, CA 93277
(559) 624-7300 o (559) 624-7302
*www.tularecounty.ca.gov/registrarofvoters*

### TUOLUMNE COUNTY
2 S. Green Street
Sonora, CA 95370
(209) 533-5570
*www.tuolumnecounty.ca.gov*

### VENTURA COUNTY
800 S. Victoria Avenue
Ventura, CA 93009
(805) 654-2664
*venturavote.org*

### YOLO COUNTY
625 Court Street, Room B05
Woodland, CA 95695
P.O. Box 1820
Woodland, CA 95776
(530) 666-8133 o (800) 649-9943
*www.yoloelections.org*

### YUBA COUNTY
915 8th Street, Suite 107
Marysville, CA 95901
(530) 749-7855
*www.yubaelections.org*

## Bisitahin ang Website ng Kalihim ng Estado upang:

- Magsaliksik sa mga kontribusyon sa kampanya at paglolobi
  *http://cal-access.sos.ca.gov*
- Tingnan ang mga patnubay sa botante sa ibang mga wika
  *www.voterguide.sos.ca.gov*
- Hanapin ang inyong lugar ng botohan sa Araw ng Halalan
  *www.sos.ca.gov/elections/find-polling-place.htm*
- Kumuha ng impormasyon tungkol sa balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo
  *www.sos.ca.gov/elections/elections_m.htm*
- Kumuha ng nakakatulong na impormasyon para sa mga botanteng boboto sa unang pagkakataon
  *www.sos.ca.gov/elections/new-voter/tagalog*
- Panoorin ang nasa kasalukuyang oras na mga resulta ng halalan pagkatapos magsara ang mga botohan sa Araw ng Halalan
  *http://vote.sos.ca.gov*

## Lumipat Ba Kayo Mula Noong Huli Kayong Bumoto?

Mahalagang isapanahon ang inyong pagpaparehistro ng botante kapag lumipat kayo. Ito ay titiyak na makakaboto kayo para sa lahat ng angkop na mga kandidato at mga panukala, at tatanggap kayo sa koreo ng mahalagang impormasyon tungkol sa halalan.

Ang huling araw upang magparehistro para makaboto sa Pambuong-estadong Tuwirang Primaryang Halalan ng Ika-3 ng Hunyo, 2014 ay Lunes, Ika-19 ng Mayo, 2014.

Kung lumipat kayo sa inyong bagong tirahan pagkaraan ng Ika-19 ng Mayo, 2014, maaari kayong bumoto sa inyong dating lugar ng botohan.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagpaparehistro ng botante, mangyaring tawagan ang opisina ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957 o bisitahin ang *www.sos.ca.gov.*